CCNC-SJ

Labanan ang Kapootang Panlahi sa Canada!

Para sa mga Mag-aaral na Grado 4 at Pataas

Itinanghal ng Chinese Canadian National Council - For Social Justice (CCNC-SJ)

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang una sa mga serye.

Pag-unawa sa Lahi at Kapootang Panlahi

Sa mundo ngayon, nabubuhay tayong kasama ang iba't ibang uri ng mga tao. Nakakalungkot, hindi lahat sa atin ay nagkakasundo at may mga taong hindi patas ang pakikitungo dahil sa kanilang lahi, kasarian, relihiyon at iba pang mga pagkakakilanlan. Ito ay tinatawag na diskriminasyon.

Ang isang uri ng diskriminasyon ay tinatawag na kapootang panlahi. Ang kapootang panlahi ay kapag ang isang grupo ng mga tao ay tinatrato nang mas masama kaysa sa mga iba dahil sa kanilang lahi.

Upang mas mabuting maunawaan ang kapootang panlahi, talakayin muna natin ang ilang mga ideya...

Ang lahi ay isang paraan ng pagpapangkat ng mga tao ayon sa kanilang hitsura, tulad ng kanilang kulay ng balat, mata, buhok at iba pang mga bahagi ng katawan. Ito ay isang ideya na nilikha ng mga taong nagnanais ng kapangyarihan sa iba. Halimbawa, ang mga Intsik, Koreano at Hapones ay pinagsama-sama bilang mga Asyano dahil sa magkatulad na kulay ng balat, mata at buhok.

pandiwa: racialize (pinaglahi), pang-uri: racial (panlahi)

Ang kultura ay kapag ang isang grupo ng mga tao ay may iisang wika, lahi, relihiyon, uri ng pamumuhay at higit pa. Halimbawa, maaaring sabihin ng isang Tsino na sila ay mula sa komunidad ng mga Tsino habang ang isang Koreano ay maaaring kilalanin sa komunidad ng Korea. Bagama't magkatulad ang mga katangian ng mga Tsino at Koreano, maraming pagkakaiba ang kulturang Tsino at Koreano. Maaari mong ipagdiwang ang mga kultura ng ibang tao nang hindi nagiging bahagi ng kulturang iyon.

Ang nasyonalidad ay nauugnay sa kung saan ka ipinanganak o sa iyong pagkamamamayan. Ang pagkamamamayan ay nangangahulugan na nakatira ka sa isang bansa at may pasaporte mula sa bansang iyon. Ang ilang mga halimbawa ng nasyonalidad ay Canadian at Amerikano.

Ang etnisidad ay maaaring nauugnay sa kultura, nasyonalidad o pareho. Sa Canada, nakikita natin ang mga tao ng iba't ibang etnikong Asyano, tulad ng Tsino, Koreano, Filipino - at mga taong hindi Asyanong etnisidad, gaya ng Jamaican, Ruso at Italiano.

Ang aking nasyonalidad ay Canadian dahil ako ay ipinanganak sa Canada.

Nakikita ng mga tao ang aking lahi bilang Asyano dahil sa hitsura ko.

Ang aking etnisidad ay Tsino dahil ang aking mga ninuno ay mula sa China.

Ang aking kultura ay nauugnay sa aking nasyonalidad, lahi at etnisidad:

Bilang bahagi ng kulturang Tsino, ipinagdiriwang ko ang Lunar New Year at gumagawa ng pagkaing Tsino.

Ang pagtira sa Canada ay nagbigay-daan sa akin na makakilala ng iba'-ibang mga tao at masiyahan din sa mga bagay mula sa kanilang mga kultura. Halimbawa, kumakain ako ng pizza, nanonood ng mga Tamil na pelikula at nakikinig ng Koreanong musika.

Tulad ng nakikita mo, may iba-ibang mga paraan upang kilalanin ang iyong sarili. Nakakalungkot, marami sa atin ang gumagamit ng mga pagkakakilanlan na ito upang gumawa ng mga pagpapalagay sa mga tao. Ang mga pagpapalagay na ito ay tinatawag na mga esteriotipo.

Ang mga estereotipo ay nakakasakit dahil binabalewala nito ang ating mga indibidwal na pagkakaiba. Hindi makatarungan kapag ang isang tao ay gumawa ng isang paghuhusga tungkol sa iyo kapag hindi sila gumugol ng oras upang makilala ka.

“Uy, siguro magaling ka sa matematika dahil Asyano ka.”

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.
Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.

PCHC MUSEUM OF MIGRATION

Funded by the Government of Canada
Financé par le gouvernement du Canada | Canada

CCNC-SJ 2021